


7

Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Nasyonalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya



Araling Panlipunan – Ikapitong Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Nasyonalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Maylin Bacangallo-Arnesto

Editor: Enrile O. Abrigo Jr., Jim Paul M. Belgado

Tagasuri: Nimfa V. Alaska

Tagaguhit: Glendale John V. Felizarte

Tagalapat: Liezl O. Arosio

Tagapamahala: Benjamin D. Paragas

Mariflor B. Musa

Danilo C. Padilla

Freddie Rey R. Ramirez

Cyril C. Serador

Ronald S. Brillantes

Marites L. Arenio

Eva Joyce C. Presto

Rhea Ann A. Navilla

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – MIMAROPA Region

Office Address : Meralco Avenue corner St. Paul Road, Pasig City

Telefax : (02) 8631-4070; 8637-3093; 8637-3139

Email Address : region4b@deped.gov.ph

7

Araling Panlipunan
Ikaapat na Markahan – Modyul 2:
Nasyonalismo sa Silangan
at Timog-Silangang Asya

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Napakalaki ang naiambag ng mga lider sa pakikipaglaban at pagbubuwis ng buhay upang maipagtanggol ang bansa sa kamay ng mga Kanluranin. Dahil sa damdaming makabayan, napukaw ang pagnanais ng mga mamamayan na wakasan ang pagpapasasa ng mga kolonyalista at imperyalistang Kanluranin sa kanilang pinagkukunang-yaman sa Silangan at Timog-Silangang Asya.

Maraming mga tanong ang maaaring maiugnay upang higit na maintindihan ang nasyonalismo. Ilan dito ay ang mga tanong kung paanong lumawak ang damdaming nasyonalismo sa mga Asyano at anong pamamaraan ang ginamit upang makamit ang inaasam na kalayaan. Ang lahat ng ito ay bibigyang linaw sa modyul na ito upang tulungan kang maunawaan ang nasyonalismo sa pagbuo ng mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya sa pamamagitan ng mga gawaing inihanda para sa iyo. Kaya't tara na, lakbayin natin ang daan tungo sa karunungan.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahan sa iyo ang sumusunod:

1. Naiisa-isa ang mga salik at pangyayaring nagbigay-daan sa pag-unlad ng nasyonalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya;
2. Natatalakay ang iba't ibang salik at pangyayaring nagbigay-daan sa nasyonalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya; at
3. Nabibigyang halaga ang papel ng nasyonalismo sa pagbuo ng mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya.

Ang pagkamit mo sa mga layuning nabanggit sa itaas ay magiging tulay upang tiyak na matutuhan mo ang sumusunod na pamantayan at kasanayan:

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)


Ang mag-aaral ay napahahalagahan ang pagtugon ng mga Asyano sa mga hamon ng pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy ng Silangan at Timog-Silangang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika-16 hanggang ika-20 Siglo).

PAMANTAYAN SA PAGGAWA (Performance Standard)

Ang mag-aaral ay nakapagsasagawa nang kritikal na pagsusuri sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy ng Silangan at Timog-Silangang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika-16 hanggang ika-20 siglo).

PAMANTAYANG PAMPAGKATUTO (Most Essential Learning Competency)

Nasusuri ang mga salik, pangyayari, at kahalagahan ng nasyonalismo sa pagbuo ng mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya. **(Week 3)**



Subukin

Panuto: Basahin at unawain ang mga katanungan. Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot. Gawin ito sa sagutang papel.

- Ano-ano ang impluwensya ng mga Kanluranin na ginamit at pinaunlad ni Emperador Mutsuhito sa Japan?
 - Edukasyon, Ekonomiya, at Sandatahang Lakas
 - Ekonomiya, Sandatahang Lakas, at Himagsikan
 - Ekonomiya, Himagsikan, at Kabuhayan
 - Edukasyon, Ekonomiya, at Himagsikan
- Alin sa sumusunod na prinsipyo ang isinulong ni Sun Yat Sen upang isulong ang pagkakaisa ng mga Tsino?
 - San mit chu-i o nasyonalismo
 - Min-sheng-chu-i o demokrasya
 - Min-sheng-chu-i o kabuhayang pantao.

A. 1 at 2 B. 1 at 3 C. 2 at 3 D. 1, 2, at 3
- Alin sa sumusunod ang nagpapamalas ng nasyonalismo?
 - Pagtangkilik ng sariling produkto
 - Pagpapatibay ng ugnayang panlabas
 - Pakikipag-ugnayan sa iba't ibang bansa
 - Pag-angkat ng mga produkto sa ibang bansa
- Ibigay ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga kaganapan
 - Rebelyong Taiping
 - Rebelyong Boxer
 - Pag-usbong ng Ideolohiyang Demokrasya
 - Pag-usbong ng Ideolohiyang Komunismo

A. 1, 2, 3, at 4 C. 3, 4, 2, at 1
B. 2, 3, 4, at 1 D. 4, 3, 2, at 1
- Alin sa sumusunod ang uri ng nasyonalismo na umusbong sa China na naging daan sa paglaya mula sa mananakop?
 - Demokratiko
 - Komunismo
 - Sosyalismo
 - Totalitarianismo
- Ang sumusunod ay kaganapan ng pag-unlad ng nasyonalismong Tsino. Alin ang **hindi** kasama?
 - Nagkaisa ang mga komunista upang harapin ang pananakop ng mga Hapones
 - Nagwagi ang mga komunista laban sa mga Nasyonalista
 - Ikalawang Digmaang Sino-Hapones
 - Binomba ng mga Tsino ang Japan
- Aling slogan ang nagpapamalas ng nasyonalismo?
 - “Sa ikauunlad ng bayan, disiplina ng iilan ang kailangan”
 - “Magsakripisyo tayo, upang tayo mismo ang umasenso”
 - “Ang pag-ibig sa bayan ang susi ng kaunlaran”
 - “Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa”

8. Ang nasyonalismo ay ang pagsibol ng damdaming makabayan. Nagbigay-daan ito upang ang mga Asyano ay matutong _____.
- maging mapagmahal sa kapwa.
 - maging laging handa sa panganib.
 - makisalamuha sa mga mananakop.
 - pigilin ang paglaganap ng imperyalismong kanluranin.
9. Nakamit ng Indonesia ang kalayaan noong Agosto 17, 1945 sa pamumuno ni Achmed Sukarno. Sa pamamagitan ng anong paraan lumaban ang Indonesia sa mga Olandes?
- Komunikasyon
 - Kalakalan
 - Pakikipagkaibigan
 - Rebolusyon
10. Nagpatuloy ang pakikibaka ng mga Indones para sa kalayaan noong ika-20 siglo at nagtatag ng mga makabayang samahan katulad ng _____.
- Budi Utomo (1908)
 - Sarekat Islam (1911)
 - Indonesian Nationalist Party (1919)
 - Indonesian Communist Party (1920)
- 1 at 2
 - 2 at 3
 - 1, 2, at 3
 - 1, 2, 3, at 4
11. Anong bansa sa Timog-Silangang Asya ang **hindi** nasakop ng mga Kanluranin?
- Indonesia
 - Malaysia
 - Singapore
 - Thailand
12. Ano ang paraan na ginawa ng Vietnam upang makamtan ang pinakaaasam-asam na kalayaan?
- Digmaan
 - Kalakalan
 - Pakikipagkaibigan
 - Ugnayan
13. Ang sumusunod ay pangyayaring naganap sa Pilipinas upang maipakita ang pagmamahal sa bayan. Iayos ang mga pangyayari ayon sa kaganapan.
- Kaisipang liberal
 - Sekularisasyon
 - Propaganda
 - Pag-alsa sa Cavite
- 1, 2, 3, at 4
 - 1, 2, 4, at 3
 - 3, 2, 4, at 1
 - 4, 3, 2, at 1
14. Ano ang ginamit ng mga Katipunero upang maipahayag ang kanilang pagmamahal sa bayan?
- Propaganda
 - Himagsikan
 - Reporma
 - Pagbabago
15. Bilang isang mag-aaral at mamamayan ng Pilipinas sa panahon ng pananakop, paano mo maipakikita ang iyong pagmamahal sa bayan bilang hakbang tungo sa paglaya?
- Pagtangkilik sa mga produktong banyaga
 - Hindi pagtangkilik sa mga produktong banyaga
 - Pakikiisa sa mga Pilipinong pinuno na nagsusulong ng paglaya
 - Pagsunod sa mga patakarang ipinatupad ng mga mananakop
- 1 at 2
 - 2 at 3
 - 3 at 4
 - 1 at 4

Aralin 1

Nasyonalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya


Nabanggit natin sa nakaraang aralin ang naging bunga nang pananakop ng mga bansa sa Asya at naging dahilan ng pagpapakita ng nasyonalismo sa iba't ibang paraan.

Natatandaan mo ba ang mga ito? Halika na, sagutin mo ang mga gawain!



Balikan

Ano ang pinakamalaking epekto na dulot ng kolonyalismo at imperyalismo?



Mga Tala para sa Guro


Naglalaman ang modyul na ito ng mga mungkahing gawain upang malinang ang kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral. Kinapapalooban ito ng iba't ibang estratehiya tulad ng paggamit ng cross word puzzle, graphic organizer, pagsusulat ng maikling sanaysay, picto analysis, Reflective Journal, atbp. Ang bawat gawain sa isang aralin ay nakabatay sa tatlong araw na sesyon. Iminumungkahi na pagyamanin pa ng mga guro ang mga mungkahing gawain at estratehiya batay sa interes at kakayahan ng mga mag-aaral.



Tuklasin

Gusto mo bang malaman at matutuhan ang mga pangyayaring nagbigay-daan sa paglaya ng mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya?

Halika, subukin nating alamin ang sagot sa tanong na ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa larawan sa ibaba at ang pamprosesong tanong para dito. Gawin ito sa sagutang papel.



1. Ano ang iyong nakikita sa larawan? Anong mga simbolo ang taglay nito?

2. Ano ang ipinapahayag ng mga simbolo at ibang mga bagay na makikita sa larawan?

3. Paano naipakita ng mga nasabing bayani ang kanilang pagmamahal sa bayan?



Suriin

Hindi man tuwirang nasakop ng mga Kanluranin, dumanas naman ng maigting na Imperyalismo at Kolonyalismo ang Silangan at Timog-Silangang Asya lalo na noong ika-18 siglo. Ang imperyalismong Kanluranin sa Silangan at Timog-Silangang Asya ay nagdudulot ng epekto sa kabuhayan, pamahalaan, lipunan at kultura ng mga Asyano. Isa sa mga patunay nito ay ang pagpapatupad ng *Sphere of Influence* ng mga Kanluranin sa China at ang paggiit ng *Open Door Policy* nang United States sa Japan na higit na nakatulong upang umunlad ang kanilang pamumuhay.

Naghangad ang mga Tsino na makawala mula sa imperyalismong Kanluranin dahil sa hindi mabuting epekto nito sa kanilang pamumuhay. Ang paghahangad na ito ang nagbigay daan sa pag-usbong ng nasyonalismo sa dalawang bansa.

Sphere of Influence ay tumutukoy sa pagkontrol ng isang estado sa aspetong politikal at ekonomiya sa bansang inangkin.

Open Door Policy ay ang pagiging bukas sa pakikipag-ugnayan at patakaran na nagkaroon ng pantay na karapatan sa kalakalan.

Pag-unlad ng Nasyonalismo sa China

Nagsimula ang pagkawala ng kontrol ng China sa kanyang bansa nang matalo ito ng Great Britain sa Unang Digmaang Opyo (1839-1842) at muling natalo laban sa Great Britain at France naman noong Ikalawang Digmaang Opyo (1856-1860).

Unang Digmaang Opyo

Nagsimula ang unang digmaan noong 1839 sa pagitan ng China at England dahil sa pagsira at pagsunog ng mga opisyal ng adwana sa opyo na pagmamay-ari ng mga British. Tinangkilik naman ng mga Tsino ang opyo dahil sa importanteng sangkap nito sa medisina. Tumagal ito ng tatlong taon, natalo ang China sapagkat wala silang hukbong pandagat na panlaban sa England.

Ikalawang Digmaang Opyo

Naganap ang ikalawang digmaang opyo noong 1856 sa pagitan ng China at natalo sa pagitan ng England at France. Naging sanhi nito ay ang pagpigil ng opisyal ng adwana na makapasok ang barko ng British na may dalang opyo at sumali ang France dahil sa hindi magandang pagtrato ng mga Tsino sa misyonerong Pranses. Natalo ang mga Tsino sa labanan sa lakas ng puwersang pandagat ng England at France.

Upang maipakita ang kanilang pagtutol sa pananakop ng mga Kanluranin, nagsagawa ng dalawang rebelyon ang mga Tsino. Ito ay ang Rebelyong Taiping (1850) at Rebelyong Boxer (1900).

Rebelyong Taiping

Namuno si Hung Hsiu Ch'uan (Hong Xiuguan) sa Rebelyong Taiping laban sa Dinastiyang Qing na pinamumunuan ng mga dayuhang Manchu. Layunin nitong pabagsakin ang Dinastiyang Qing upang mahinto ang pamumuno ng mga Kanluranin at magkaroon ng pagbabago sa lipunan. Bukod dito, hangad din nito ang pagkakapantay-pantay ng karapatan ng mga kababaihan at pagpalit ng relihiyong Kristiyanismo sa Confucianismo at Budismo.

Rebelyong Boxer

Sumiklab ang Rebelyong Boxer noong 1899. Tinawag itong *Rebelyong Boxer* dahil ang mga miyembro ng samahang I-ho Chu'an o *Righteous and Harmonious Fists* ay naghimagsik. Ang mga miyembro nito ay may kasanayan sa *gymnastic exercise*. Bukod sa pagtuligsa, korapsiyon sa pamahalaan, ang pangunahing layunin ng Rebelyong Boxer ay ang patalsikin ang lahat ng mga dayuhang nasa bansa, kabilang dito ang mga Kanluranin. Natalo ang mga boxer at itinuring na isa sa madugong rebelyon sa kasaysayan ng China dahil mahigit 20 milyong Tsino ang namatay. Nabawi ng mga imperyalista mula sa mga boxer ang Peking noong Agosto 14, 1900.


Nagpatuloy ang pamamayani ng mga Kanluranin sa pagkatalo ng Rebelyong Taiping at Rebelyong Boxer sa China. Nang namatay si Empress Dowager noong 1908, lalong lumala ang kahirapan sa China. Siya ay pinalitan ni Puyi na naging emperador ng dalawang taon. Si Puyi o Henry Puyi ang huling emperador ng dinastiyang Qing (Manchu) at ng China.

Ang pagsisimula ng ika-20 siglo ay nangangahulugang pagpasok ng dalawang magkatunggaling idelohiya sa China. Lumaganap sa bansa ang idelohiya ng demokrasya at komunismo. Ito ay nagdulot ng pagkakahati ng bansa at naghudyat ng tunggalian ng mga pinunong Tsino na nagsusulong ng demokrasya at komunismo.

Ideolohiyang Demokrasya sa China

Hinarap ng mga Tsino ang malaking hamon sa kanilang bansa dahil sa pagpalit ng pamumuno ng mga emperador. Sa panahon na ito ng kaguluhang pampolitikal at kawalan ng pagkakaisa ay nakilala si Sun Yat Sen.

SUN YAT SEN



Isinulong niya ang pagkakaisa ng mga Tsino gamit ang tatlong prinsipyo: ang *san mit chu-i* o nasyonalismo, *min-tsu-chu-I* o demokrasya, at *min-sheng-chu-i* o kabuhayang pantao. Binigyang-diin ni Sun ang pagkakaisa ng mga Tsino bilang susi sa tagumpay laban sa mga imperyalistang bansa. Naging ganap ang pamumuno ni Sun sa China nang pamunuan niya ang mga Tsino sa pagpapatalsik sa mga Manchu sa tanyag na *Double Ten Revolution* na naganap noong Oktubre 10, 1911. Tinawag itong *Double Ten* dahil naganap ito sa ikasampung buwan ng taon (Oktubre) at ikasampung araw ng buwan. Sa araw ding ito, itinatag ang bagong Republika ng China. Pansamantalang itinalaga si Sun bilang Pangulo noong Oktubre 29, 1911.

Tinagurian siyang “Ama ng Republikang Tsino”. Hindi naniniwala si Sun Yat-Sen na kailangan ang tunggalian ng mga uri o *class struggle* upang makamit ang pagkakaisa, kaayusang panlipunan, at kaunlarang pang-ekonomiya.

Ideolohiyang Komunismo sa China

Nagsimula noong 1918 ang pagpasok ng ideolohiyang komunismo sa China. Sa pamumuno ni Mao Zedong sa China, naging tanyag ang komunismo.

MAO ZEDONG



Pansamantalang natigil ang pagtutunggali ng puwersa nina Chiang Kai-shek at Mao Zedong dahil sa banta ng pananakop ng mga Hapones. Humalili si Heneral Chiang Kai Shek bilang pinuno ng Partidong Kuomintang nang mamatay si Sun Yat-Sen noong Marso 12, 1925. Ipinagpatuloy ni Chiang Kai Shek ang pakikipaglaban sa mga warlords sa ilalim ng Koumintang. Matapos talunin ang mga warlords hinarap ang katunggaling ideolohiyang Komunismo sa China sa pamumuno ni Mao Zedong.

- *Mao Zedong* - Itinatag ang Partidong Kunchantang
- Pinamunuan niya ang Red Army
(komunistang sundalong Tsino)
- *Long March* - tawag sa pagtakas nila Mao Zedong patungong Jiangxi na umabot ng 1 taon na may layong 6, 000 milya

Mga Kaganapan sa Pag-unlad ng Nasyonalismong Tsino

Natigil ang pagtunggali ng puwersa nina Chiang Kai Shek at Mao Zedong dahil sa bantang pananakop ng mga Hapones. Basahin upang maunawaan ang iba pang naganap sa pagsibol ng nasyonalismong Tsino.

- 1931 - Ikalawang Digmaang Sino-Hapones
 - Binomba ng mga Hapones ang China
 - Nasakop ng Japan ang malaking teritoryo ng China
- 1936 - Nagkaisa ang mga komunista at nasyonalista upang harapin ang pananakop ng mga Hapones
- 1942 - Nahinto na ang pananakop ng mga Hapones sa China.
- 1949 - Tumakas ang mga nasyonalista na pinamumunuan ni Chiang Kai-Shek sa Taiwan at itinayo ang *Republic of China*.
 - Dahil sa pagtatag ng *People's Republic of China*, napaalis ng mga komunista ang mga Kanluranin at muling nakamit ng China ang kalayaan.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang magkatunggaling ideolohiya sa China?
2. Ano ang mga salik nang pag-unlad ng nasyonalismo sa China?
3. Paano naipakita ng China ang pag-unlad ng nasyonalismo sa kanilang bansa?

JAPAN

Magkatulad at magkaiba ang naging pakikitungo ng mga Hapones at Tsino sa mga Kanluranin. Magkatulad dahil parehas nilang isinara ang kanilang bansa at daungan mula sa mga Kanluranin. Magkaiba ang naging pagtugon ng dalawang bansa sa banta ng mananakop. Patuloy na sarado ang China at sapilitang pagpasok ng mga Kanluranin na nagresulta sa digmaan.

Tinanggap naman ng Japan ang mga Kanluranin nang hiniling nito na ipatupad ang *Open Door Policy* noong 1853. Umusbong ang pagiging makabayan ng mga Hapones sa kabila ng pananatili ng mga Kanluranin sa kanilang teritoryo at ito ay pinasimulan ni Emperador Mutsuhito na siyang namuno sa panahon ng *Meiji Restoration*.

Si Emperador Mutsuhito ay nanungkulan sa Japan sa loob ng 45 taon (1867-1912). Niyakap niya ang impluwensiya ng mga Kanluranin na ginamit at napaunlad ang Japan. Ilan sa mga ito ay ang edukasyon, ekonomiya, at sandatahang lakas. Nabuksan ang daungan ng Japan at nauwi sa Westernisasyon at modernisasyon.

Kasunduang Kanagawa - sa kasunduang ito, nabuksan ang dalawang daungan ng bansa para sa mga barkong Amerikano
Meiji - "Ang Naliwanagang Kapayapaan"
Imperyalista - bansang mananakop na malakas ang puwersa sa larangan ng politika.

Modernisasyon ng Japan

Nagkaroon ng mga pagbabago ang pamumuhay ng mga Hapones ng tinanggap nila ang impluwensya ng mga Kanluranin na nakatulong sa pag-unlad ng kanilang bansa. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

- Nagkaroon ng Sentralisadong pamahalaan at ginawang modelo ang Saligang Batas nito (**Germany**)
- Kasanayan ng hukbong pandagat (**England**)
- Sistema ng edukasyon (**United States**)

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang bahaging ginampan ni Emperador Mutsuhito sa Japan?
2. Paano nila nagamit ang impluwensiya ng Kanluranin upang mapaunlad ang kanilang bansa?

Nasyonalismo sa Pilipinas

Ano ang mga ginawa ng mga Pilipino para maipaglaban ang kalayaan sa mga mananakop?

Unti-unting nagising ang kaisipan ng mga Pilipino ukol sa diskriminasyong pinairal sa bansa ng mga mananakop na nagresulta sa mga hindi makatarungan at hindi makataong patakaran.

Mga pangyayaring nagbigay-daan sa pagbuo ng Nasyonalismo sa Pilipinas

- Propaganda
- Sekularisasyon
- Ang Pag-alsa sa Cavite
- Ang pagbukas ng Pilipinas sa pandaigdigang kalakalan
- Paggarote kina GOMBURZA matapos ang pag-aalsa sa Cavite
- Pagpasok ng kaisipang liberal sa bansa bunga ng pagbubukas ng Kanal Suez

Ang pakikipaglaban ay ipinapatuloy ng mga Katipunero at sa paniniwala na magkakaroon lamang ng reporma sa pamamagitan ng paghihimagsik. Ang mga kahilingang reporma para sa Pilipinas ay naisantabi lamang, kaya ang tunay na kahulugan ng kalayaan ay isinakatuparan ng Katipunan sa pamumuno ni Andres Bonifacio. Ang Katipunan ang sekretong organisasyong laban sa mga Kastila ang naging kasangkapan upang maisakatuparan ang paglaya sa mga mananakop. Ang rebolusyong Pilipino ang naghudyat sa pagbagsak ng pamamahala ng mga Espanyol.

Ang proklamasyon ng kalayaan ng Pilipinas ay naganap noong Hunyo 12, 1898 sa pamumuno ni Emilio Aguinaldo na kauna-unahang republika sa Asya. Hindi nagtagal ang Unang Republika ng Pilipinas at napailalim sa pananakop ng United States. Tinutulan ito ng mga Pilipino at naganap ang Digmaang Pilipino-Amerikano. Idinaan nalang ang hangaring makamit ang kalayaan sa mapayapang paraan at maipagkaloob ng United States ang batas na magkaloob ng kalayaan.

Nakamit ng mga Pilipino ang kalayaan noong Hulyo 4, 1946 matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Subalit hindi pa ganap na nakamtan ng Pilipinas ang kalayaan dahil nanatili pa rin ang kapangyarihan at impluwensya ng mga Amerikano sa pagtatag ng base militar at pinagkukunan ng likas na yaman.

Matapos ang kasunduan sa Paris ay nauwi sa himagsikan ang ganti ng mga Pilipino sa Amerikano. Sa hindi inaasahang pangyayari, sa iba't ibang panig ng Pilipinas nakipaglaban ang mga Pilipino sa pamamagitan ng rebolusyon sa Visayas at Mindanao na pareho ang layunin at hindi na mapasailalim sa mga dayuhan. Halos umabot ng limang taon ang digmaang Pilipino-Amerikano kasama na ang mga kababaihan na naging tagapangalaga ng mga sugatang sundalo at nagbigay ng suportang moral sa mga mandirigma.

Nagwakas ang digmaan dahil wala ng nagawa ang mga mandirigmang Pilipino, nahuli ang mga pinuno ng bawat pangkat kaya't sila ay nagsisuko dahil sa hirap at gutom na naranasan sa mga Amerikano, karamihan ay nahatulan at nabitay.

Ang mga kilusang nasyonalismo ay nagpatuloy pa rin maging sa ilalim ng pananakop ng mga Amerikano. Makikita ito sa aspeto ng panitikan at literatura gaya ng mga dula at kuwentong makabayan. Ang Pilipinas ang pinakaunang bansa sa Asya ang lumaya sa kamay ng mga mananakop. Sa iba't ibang lugar, may iba't ibang anyo ng nasyonalismo ang nabuo na lubhang napakahalaga sa kasaysayan at naging huwaran sa mga bansang sakop na kumilos at lumaban sa mananakop.

Nasyonalismong Pilipino: Dalawang Anyo o Pamamaraan

Anyo ng nasyonalismo	Samahan	Layunin	Nagtatag	Diskripsiyon
1. Propaganda	Kilusang Propaganda	Reporma o Pagbabago	Jose Rizal	Pagsusulat ng Propaganda
2. Himagsikan	Katipunan	Ganap na Kalayaan	Andres Bonifacio	Rebolusyon o madugong pakikipaglaban

Mula sa teksto, paano ipinakita ng mga Pilipino ang pag-unlad ng nasyonalismo sa Pilipinas?

Iba pang mga Bansa sa Timog-Silangang Asya

Dalawang anyo ng nasyonalismo ang nabuo sa Timog-Silangang Asya.

Ang **isa** ay marahas at tahasang naghanap ng kalayaan. Ang **ikalawa** ay diplomatiko at banayad. Ang una ay nagsagawa ng rebolusyon laban sa kolonyalista tulad ng Pilipinas, Vietnam, at Indonesia. Ang Ikalawa ay mapayapang hiningi ang kanilang kalayaan tulad ng Malaysia at Singapore.

Ang Thailand ay nakaligtas sa kolonisasyon dahil sa kahusayan ng monarkiya nito na gamitin ang pamamaraan ng diplomasya upang mapaamo ang mga kolonyalistang bansa tulad ng France at England na parehong may interes dito. Buo na ang nasyonalismo kung kaya't nanatili itong malaya, maliban na lamang noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig nang nilusob ito ng Japan, nanatiling malaya ang Thailand.

Ang Malaysia at Burma na kapwa kolonya ng England ay matagumpay na nakamit ang kalayaan sa mapayapang paraan at naipagkaloob matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Maraming Indones ang namatay dahil sa malakas na puwersa ng mga Dutch. Ganap na nakamit ng mga Indonesian ang kalayaan. Nagpalabas si Sukarno ng dekreto noong Agosto 17, 1945 na nagdeklara ng kasarinlan ng Indonesia.

Ano ang mga paraang ginamit ng mga bansa sa Timog Silangang Asya upang maipakita ang nasyonalismo?

Nasyonalismo sa Vietnam

Ang pagwawakas ng pananakop ng mga Pranses sa Vietnam ay naging katotohanan sa pamamagitan ng Partidong Viet Minh o kilusan ukol sa nasyonalismong partido, ang naging pangunahing kasangkapan sa paglaya ng kanilang bansa. Isang matagalang digmaan ang ginawa ng mga Vietnamese upang makamantan ang pinakaaasam-asam na kalayaan. Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nahati ang Vietnam sa dalawang bansa-ang *Hilagang Vietnam* at ang *Timog Vietnam*.

Ang Timog Vietnam ay *demokratiko* at ang Hilagang Vietnam ay nagsulong ng *sosyalismo* at *komunismo*. Ipinasa ng France sa United States ang suliranin sa Vietnam. Naging magastos at madugo para sa United States ang naganap na *Vietnam War*. Ang pandaigdigang opinyon ay iwanan na ng mga Kanluranin ang Vietnam. Sa pagkatalo at pag-iwan ng United States sa Timog Vietnam, muling nagkaisa ang dalawang Vietnam (Hilaga at Timog) at naging isang bansa na lamang noong 1975.

Ang pagtatag ng Partido ng mga Nasyonalistikong Annamite ang nagsimula sa kanilang paghahangad ng kalayaan. Isa sa naging kilalang rebolusyonaryong lider ng kilusan ay si *Nguyen Ai-Quoc* o *Ho Chi Minh*.

Si Ho Chi Minh ay isang nasyonalistang pinuno ng Vietnam na sinalamin ang kalayaan sa pamamagitan ng pagtanggap ng pamamaraang komunismo. Nilayon niya ang pagbabawas sa buwis, redistribusyon ng mga lupa at pag-alis ng puwersahang pakikilahok ng lakas-militar ng mga Vietnamese sa hukbo ng Pransya. Pinalakas ni Ho Chi Minh ang kilusan dahil nais niyang kunin ang Hanoi at Saigon sa mga dayuhan at ideklara ang Republika ng Vietnam. Dahil dito, bumangon ang digmaang sibil sa Timog at Hilagang Vietnam. Noong 1954 sa Geneva, Switzerland ay pinagtibay ang paghahati ng Vietnam sa ilalim ng sukat ng 17th Parallel. Ang Hilagang Vietnam ay hindi tinanggap ang sistemang komunismo, ngunit ang Timog Vietnam ay tinanggap naman ito.

Nasyonalismo sa Myanmar (Burma)

Naging kolonya ng Britain ang Burma simula ng matalo ito sa digmaan. Ito ay pinamahalaan bilang isang lalawigan ng India. Natamo din ng mga Burmese ang kanilang inaasam na kasarinlan bunga ng kanilang aktibong paghiling. Ipinasa ng mga British ang Burma Act 1935. Ang batas na ito ang nagbigay ng konstitusyon sa Burma. Ipinagkaloob din nito ang ilang kapangyarihang pansarili sa mga Burmese. Itinatag ni Ba Maw ang unang pamahalaang Burmese noong 1937. Sa hangaring

lumaya ang nagtulak sa mga Burmese na ipahayag ang kanilang damdaming makabayan at nagpatuloy ang pakikibaka sa pamamagitan ng pagtatag ng makabayang samahan.

Nasyonalismo sa Indonesia

Ang mga patakarang pang-ekomiya na ipinatupad ng mga Dutch tulad ng *culture system* at pagkontrol sa mga sentro ng kalakalan ay nagkaroon ng negatibong epekto sa kabuhayan ng mga Indones. Lahat ng kapakinabangan sa mga nabanggit na patakaran ay napunta sa mga mananakop na Kanluranin.

Umunlad ang nasyonalismong Indones dahil sa paghahangad na matigil ang mga hindi makatarungang patakaran ng mga mananakop na Dutch. Nagsimula ang pakikibaka ng mga Indones noong 1825. Sa taong ito, pinamunuan ni Diponegoro ng Java ang isang malawakang pag-aalsa. Noong 1930, natalo ng mas malakas na puwersa ng mga Dutch ang puwersa ni Deponegoro.


Kakaiba naman ang karanasan ng Indonesia, na hinawakan naman ng Dutch, bumuo ito ng isang samahang makabayan. Itinatag ni Sukarno ang Partido Nasyonalista ng Indonesia at nanguna siya sa pagpapamalas ng nasyonalismo.

Subalit kinailangan ng mga Indonesian na magbuwis ng buhay upang lumaya. Nakamtan ng mga Indonesian ang kanilang kalayaan pagkatapos magsagawa ng isang rebolusyon laban sa mga Dutch matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Si Prinsipe Diponegoro ng Java ang nanguna sa pag-aalsa na nagsimula noong 1825-1830. Tinagurian siyang “*Prince Liberator*”. Ipinatapon siya sa isla ng Makassar sa Celebes at doon na namatay noong 1855.

Indochina – ang mga bansang Vietnam, Laos, at Cambodia
Burma – ang dating pangalan ng Myanmar

Paano ipinakita ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya ang damdaming nasyonalismo?



Pagyamanin

Gawain 1: HANAP-SALITA

Panuto: Basahin at unawain ang mga pahayag sa bawat bilang. Isulat sa iyong papel ang konsepto na matatagpuan sa loob ng kahon.

1. Sa kasunduang ito nabuksan ang dalawang daungan ng bansang Japan para sa mga barkong Amerikano.
2. Ito ang paraan ng pamumuhay na tinularan ng mga Hapones sa mga Kanluranin na nakatulong sa pag-unlad ng bansang Japan.
3. Ideolohiyang ginamit sa China upang makalaya sa mga mananakop sa pamumuno ni Mao Zedong.
4. Ideolohiyang ginamit ni Sun Yat Sen sa China na ang mga tao ay may karapatang pumili ng mamumuno sa kanilang bansa.
5. Ang mga miyembro nito ay may kasanayan sa *gymnastic exercise* na layuning patalsikin ang lahat ng mga dayuhang nasa bansa.
6. Layunin nitong pabagsakin ang Dinastiyang Qing upang mahinto ang pamumuno ng mga Kanluranin at magkaroon ng pagbabago sa lipunan.
7. Patakarang ipinatupad ng United States sa China at Japan na kung saan magiging bukas ito sa pakikipagkalakalan sa ibang bansang sakop nito.

V	N	M	T	W	K	O	M	U	N	I	S	M	O	M
R	K	Z	O	A	B	V	R	D	B	M	W	Q	V	S
M	A	T	S	D	N	D	Y	I	H	O	R	U	Z	T
D	N	M	P	U	E	P	K	C	F	Z	J	H	W	C
E	A	Q	A	G	N	R	D	X	D	W	C	N	T	S
M	G	O	B	Q	B	Y	N	P	L	K	H	O	H	Z
O	A	F	M	Z	R	M	A	I	R	P	U	W	N	S
K	W	N	S	C	D	C	R	T	S	Y	X	J	I	T
R	A	C	D	E	K	I	Q	U	S	A	T	E	C	G
A	N	B	U	M	V	P	R	O	R	E	S	F	U	K
S	W	Q	H	T	K	C	G	P	C	L	N	Y	D	J
Y	Z	C	I	M	A	O	Z	E	D	O	N	G	O	Z
A	D	X	O	R	K	N	X	V	G	S	L	J	H	N
J	Y	C	I	L	O	P	R	O	O	D	N	E	P	O
V	O	R	N	O	T	I	H	U	S	T	U	M	Y	A

8. Siya ay nanungkulan sa Japan at niyakap ang impluwensiya ng mga Kanluranin at napaunlad ito.
9. Tinaguriang Ama ng Republikang Tsino.
10. Siya ay isang rebolusyonaryo at komunistang pinuno ng China.

Nasagutan mo ba ang inilalarawan sa bawat pangungusap? Ang mga ito ay may malaking kaugnayan sa usaping nasyonalismo sa pagbuo ng mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya.

Gawain 2: Punuan Mo Ako!

Panuto: Sagutin ang Tsart tungkol sa pag-unlad ng nasyonalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya. Piliin ang mga kasagutan sa ibaba ng Tsart. Gawin ito sa sagutang papel.

	Bansa	Mga Salik sa Pag-unlad ng Nasyonalismo	Paraan ng Pagpapamalas ng Nasyonalismo
Silangang Asya	China		
	Japan		
Timog-Silangang Asya	Pilipinas		
	Indonesia		
	Vietnam		
	Myanmar		

Pagpipilian ng sagot:

Mga Salik sa Pag-unlad ng Nasyonalismo	Paraan ng Pagpapamalas ng Nasyonalismo
Kolonya ng Britain	Burma 1935
digmaan	Kilusang Nasyonalismong Partido
<i>Culture System</i>	Makabayang samahan
diskriminasyon	Himagsikan at Propaganda
Pananakop ng United States, Germany at England	Pagtanggap sa mananakop tungo sa modernisasyon
Digmaang Opyo	Rebelyon

Naitugma mo ba ang mga salik at pamamaraan sa pagpapaunlad at pagpapamalas ng nasyonalismo? Aling salik at pamamaraan ka mas nakauugnay?

Gawain 3 : Pag-Isipan Mo

Panuto: Basahin at unawain ang hinihingi sa bawat bilang. Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot na tinutukoy sa bawat aytem. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Burma (Katotohanan)

- A. Pinamahalaan bilang isang lalawigan ng India.
- B. Ipinatupad ng Dutch ang *Culture System*.
- C. Hindi natamo ang kasarinlan ng bansa.
- D. Nagkaroon ng rebelyon sa bansa.

2. Vietnam (Di-katotohanan)

- A. Ang Hilagang Vietnam ay nagsulong ng sosyalismo at komunismo.
- B. Nahati ang bansa sa Hilagang-Vietnam at Timog-Vietnam.
- C. Hindi nasakop ng mga Kanluranin.
- D. Nahati sa 17th Parallel.

3. Indonesia (Di-katotohanan)

- A. Binuo ang maraming grupong etniko.
- B. Lumabas ang samahang nasyonalismo matapos ang digmaang pandaigdig.
- C. Naging aktibo ang mga kilusang nasyonalismo noong ipinatupad ang sistemang kultura.
- D. Ang pagkontrol sa mga sentro ng kalakalan ay nagkaroon ng negatibong epekto sa kabuhayan ng mga Indones.

4. Pilipinas (Di-katotohanan)

- A. Kilusang Propaganda: Jose Rizal
- B. Katipunan: Andres Bonifacio
- C. Paring Martir: Gomburza
- D. Nasyonalistang Lider: Ba Maw

5. Thailand (Katotohanan)

- A. Sinakop ng England.
- B. Nanatiling Malayang bansa.
- C. Nakipagkasundo sa Germany.
- D. Natamo ang kalayaan sa France.

Ngayon ay mayroon ka ng sapat na kaalaman sa pag-unlad ng nasyonalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya. Napapanahon na upang palalimin mo ang iyong kaalaman sa paksang ito. Mahalagang tandaan ang mga bagay na iyong natutuhan dahil makatutulong ito sa mas malalim na pag-unawa sa kasaysayan ng Asya.



Isaisip

Sa bahaging ito ay higit mo pang mapalalalim ang iyong pang-unawa sa kabuoan ng aralin na may kaugnayan sa salik, pangyayari, at kahalagahan ng nasyonalismo sa pagbuo ng mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya.

Gawain: Tapos na!


Kumpletuhin ang sumusunod na pahayag. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. Ang mga pangyayaring nagbigay daan sa pag-unlad ng nasyonalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya ay _____

_____.
2. Maipakikita ang pagpapahalaga at pagmamahal sa bayan sa paraang _____

_____.
3. Sa kabuoan, napakalaki ng kahalagahan ng nasyonalismo dahil _____

_____.



Isagawa

Gawain: Repleksiyon Ko!

1. Ano ang iyong naramdaman habang inaalam ang mahahalagang impormasyon tungkol sa pangyayari sa pag-unlad ng nasyonalismo sa mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya?
2. Alin sa paksa ang nakapukaw ng iyong interes? May bahagi ba ng aralin ang nais mo pang tuklasin?
3. Isulat ang lahat ng iyong mga iniisip at saloobin upang masukat ang iyong kaalaman at pagganap sa mga gawaing iyong naisakatuparan.




Tayahin

Panuto: Basahin at unawain ang mga katanungan. Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod ang uri ng nasyonalismo na umusbong sa China na naging daan sa paglaya mula sa mananakop?
A. Demokratiko
B. Komunismo
C. Sosyalismo
D. Totalitarianismo
2. Ano-ano ang impluwensya ng mga Kanluranin na ginamit at pinaunlad ni Emperador Mutsuhito sa Japan?
A. Edukasyon, Ekonomiya, at Sandatahang Lakas
B. Ekonomiya, Sandatahang Lakas, at Himagsikan
C. Ekonomiya, Himagsikan, at Kabuhayan
D. Edukasyon, Ekonomiya, at Himagsikan
3. Ang sumusunod ay kaganapan ng pag-unlad ng nasyonalismong Tsino. Alin ang **hindi** kasama?
A. Nagkaisa ang mga komunista upang harapin ang pananakop ng mga Hapones
B. Nagwagi ang mga komunista laban sa mga Nasyonalista
C. Ikalawang Digmaang Sino-Hapones
D. Binomba ng mga Tsino ang Japan
4. Ibigay ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga kaganapan
1. Rebelyong Taiping
2. Rebelyong Boxer
3. Pag-usbong ng Ideolohiyang Demokrasya
4. Pag-usbong ng Ideolohiyang Komunismo
A. 1, 2, 3, at 4
B. 2, 3, 4, at 1
C. 3, 4, 2, at 1
D. 4, 3, 2, at 1
5. Alin sa sumusunod na prinsipyo ang isinulong ni Sun Yat Sen upang isulong ang pagkakaisa ng mga Tsino?
1. San mit chu-i o nasyonalismo
2. Min-sheng-chu-i o demokrasya
3. Min-sheng-chu-i o kabuhayang pantao.
A. 1 at 2
B. 1 at 3
C. 2 at 3
D. 1, 2, at 3
6. Alin sa sumusunod ang nagpapamalas ng nasyonalismo?
A. Pagtangkilik ng sariling produkto
B. Pagpapatibay ng ugnayang panlabas
C. Pakikipag-ugnayan sa iba't ibang bansa
D. Pag-angat ng mga produkto sa ibang bansa
7. Ang nasyonalismo ay ang pagsibol ng damdaming makabayan. Nagbigay-daan ito upang ang mga Asyano ay matutong _____.
A. maging mapagmahal sa kapwa.
B. maging laging handa sa panganib.
C. makisalamuha sa mga mananakop.
D. pigilan ang paglaganap ng imperyalismong kanluranin.

8. Aling slogan ang nagpapamalas ng nasyonalismo?
- “Sa ikauunlad ng bayan, disiplina ng iilan ang kailangan”
 - “Magsakripisyo tayo, upang tayo mismo ang umasenso”
 - “Ang pag-ibig sa bayan ang susi ng kaunlaran”
 - “Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa”
9. Nakamit ng Indonesia ang kalayaan noong Agosto 17, 1945 sa pamumuno ni Achmed Sukarno. Sa pamamagitan ng anong paraan lumaban ang Indonesia sa mga Olandes?
- Kalakalan
 - Komunikasyon
 - Pakikipagkaibigan
 - Rebolusyon
10. Bilang isang mag-aaral at mamamayan ng Pilipinas sa panahon ng pananakop, paano mo maipapakita ang iyong pagmamahal sa bayan bilang hakbang tungo sa paglaya?
- Pagtangkilik sa mga produktong banyaga
 - Hindi pagtangkilik sa mga produktong banyaga
 - Pakikiisa sa mga Pilipinong pinuno na nagsusulong ng paglaya
 - Pagsunod sa mga patakarang ipinatupad ng mga mananakop
- 1 at 2
 - 2 at 3
 - 3 at 4
 - 1 at 4
11. Anong bansa sa Timog-Silangang Asya ang **hindi** nasakop ng mga Kanluranin?
- Indonesia
 - Malaysia
 - Singapore
 - Thailand
12. Ano ang paraan na ginawa ng Vietnam upang makamantan ang pinakaaasam-asam na kalayaan?
- Digmaan
 - Kalakalan
 - Pakikipagkaibigan
 - Ugnayan
13. Ang sumusunod ay pangyayaring naganap sa Pilipinas upang maipakita ang pagmamahal sa bayan. Iayos ang mga pangyayari ayon sa kaganapan.
- Kaisipang liberal
 - Sekularisasyon
 - Propaganda
 - Pag-alsa sa Cavite
- 1, 2, 3, at 4
 - 1, 2, 4, at 3
 - 3, 2, 4, at 1
 - 4, 3, 2, at 1
14. Ano ang ginamit ng mga Katipunero upang maipahayag ang kanilang pagmamahal sa bayan?
- Propaganda
 - Himagsikan
 - Reporma
 - Pagbabago
15. Nagpatuloy ang pakikibaka ng mga Indones para sa kalayaan noong ika-20 siglo at nagtatag ng mga makabayang samahan katulad ng _____.
- Budi Utomo (1908)
 - Sarekat Islam (1911)
 - Indonesian Nationalist Party (1919)
 - Indonesian Communist Party (1920)
- 1 at 2
 - 2 at 3
 - 1, 2, at 3
 - 1, 2, 3, at 4



Karagdagang Gawain


A. Simbolo, Iguhit Mo!

Gumuhit ng isang simbolo na nais mong gawin upang maipakita ang pagmamahal sa bayan. Ipaliwanag kung bakit ito ang iyong napili. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

B. Sagot Mo, Kahon Ko!

Naging madali ba sa mga taga-Timog-Silangang Asya ang pagpapakita ng nasyonalismo? Paano naipakita ang mga ito? Isulat sa kahon ang mga sagot. Gawin ito sa sagutang papel.





Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. A
2. D
3. A
4. A
5. B
6. D
7. C
8. D
9. D
10. D
11. D
12. A
13. B
14. B
15. B

Tayahin

1. B
2. A
3. D
4. A
5. D
6. A
7. D
8. C
9. D
10. B
11. D
12. A
13. B
14. B
15. D

Pagymainin
Gawain 1

1. Kanagawa
2. modernisasyon
3. komunismo
4. demokrasya
5. Rebelyong Boxer
6. Rebelyong Taipang
7. Open Door Policy
8. Mutsuhito
9. Sun Yat Sen
10. Mao Zedong

Pagymainin
Gawain 2

Bansa	Mga Salik sa Pag-unlad ng Nasyonalismo	Paraan ng Pagpapamalas ng Nasyonalismo
Pilipinas	diskriminasyon	Himagsikan at Propaganda
Indonesia	Culture System	Makabayang samahan
Vietnam	digmaan	Kilusang Nasyonalismong Partido
Myanmar	Kolonya ng Britain	Burma Act 1935
Japan	Panakop ng United States,	Pagtanggap sa mananakop tungo sa modernisasyon
China	Digmaang Opyo	rebelyon

Gawain 3

1. A
2. C
3. B
4. D
5. B

Sanggunian

Encyclopedia

Time Almanac 2001. United States of America: Family Education Company: 2000. p. 747-749, p. 785-788, p. 797-798, p. 866-867

Compton's Learning Company, A tribune. United States of America: Compston's Encyclopedia and Fact-Index 1995. Vol. 22, p. 345-350.

Encyclopedia Britannica, Inc. Chicago: The New Encyclopedia Britannica. 1990. Vol. 3, p. 221-229, Vol. 11, p. 668-669

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph